et, cum illa sit amplo décore digníssima, tu quam sis imménsus et super ómnia præferéndus osténderis, per Christum Dóminum nostrum.

at ang paggalang sa kanila ay pagkilala sa iyong kapangyarihan at kadakilaan, sa pamamagitan ni Jesucristo naming Panginoon.

Per quem multitúdo Angelórum tuam célebrat maiestátem, quibus adorántes in exsultatióne coniúngimur, una cum eis laudis voce clamántes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga Anghel sa kalangitan ay nagbubunyi sa iyong kadakilaan, at kasama nila'y sumasamba at naghahayag kami ng papuri, na may iisang malakas na tinig na nagsasabing: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon • *Dan 3:58*

**Benedícite,** omnes Angeli Dòmini, Dóminum : hymnum dícite, et superexáltate eum in saécula.

**Purihin** niyo, lahat kayong mga Angel ng Poon, ang Panginoon! Awitan ninyo Siya, at higit na dakilain kailanman!

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Súmpsimus,** Dómine, divina mystéria, sanctórum Angelórum tuórum festivitáte lætántes : quaésumus; ut eórum protectióne ab hóstium júgiter liberémur insídiis, et contra ómnia advérsa muniámur. Per Dóminum.

**Tinanggap** namin ang iyong mga banal na misterio, O Panginoon, habang kami'y nagdiriwang sa pista ng iyong mga banal na Anghel: isinasamo namin na mapalaya kami sa lahat ng bitag ng kaaway at kupukupin mula sa tanang kapahamakan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

*Octubre 1*

## SAN REMIGIO
## Obispo na Confesor

*III cl • Doble • Puti*

*Misa* Para sa Confesor na Obispo Státuit ei.

*Octubre 2*

## MGA ANGHEL NA TAGATANOD NATIN

*Misa "Benedicite"*
*III cl • Doble • Puti*

### Pambungad na Antipona • *Ps 102:20*

**Benedicite** Dóminum, omnes Angeli ejus: poténtes virtúte, qui fácitis verbum ejus, ad audiéndam vocem sermónum ejus. — *Ps 102:1* Bénedic, ánima mea, Dómino: et ómnia, quæ intra me sunt, nómini sancto ejus. *V.* Gloria Patri. Benedicite.

**Purihin** ninyo ang Panginoon, kayong mga anghel niya; kayong mga makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kanyang salita, na nakikinig sa tinig ng kanyang salita. — *Salmo 102:1* Purihin mo ang Poon, aking kaluluwa: purihin niyo ang kaniyang banal na Ngalan, kayong lahat na nasa aking mga kaibuturan sa katawan. *V.* Luwalhati sa Ama. — Purihin...

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Deus,** qui ineffábili providéntia sanctos Angelos tuos ad nostram custódiam míttere dignáris : largíre supplícibus tuis; et eórum semper protectióne defréndi, et ætérna societáte gaudére. Per Dóminum.

**O Dios,** sa Iyong kahanga-hangang paggabay at paglingap ay isinusugo't humihirang ng mga Anghel upang kami'y bantayan: ipagkaloob Mo po sa aming dumudulog sa Iyo, upang palagian kaming magalak sa walang hanggang kapatiran nila't pagsasanggalang para sa aming kapakanan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### Pagbasa • *Ex 23:20-23*

Pagbasa mula sa Aklat ng Exodo.

**Ito ang mga ipinasasabi ng Poong Dios:** "Magsusugo ako ng anghel na mangunguna sa inyo. Pangangalagaan niya kayo sa inyong paglalakbay at papatnubayan hanggang sa lupaing inihanda ko sa inyo. Papakinggan ninyo siya at susundin ang lahat ng sasabihin niya sa inyo. Huwag ninyo siyang susuwayin sapagkat lahat ng ginagawa niya'y sa pangalan ko at hindi niya kayo patatawarin kapag nagrebelde kayo sa kanya. Kung susundin ninyo siya at gagawin ninyo ang mga sinasabi ko, ipaglalaban ko kayo sa inyong mga kaaway. Pangungunahan kayo ng aking anghel patungo sa lupain ng mga Amoreo, Heteo, Perezeo, Cananeo, Hivita at Jebuseo, at sila'y lilipulin ko." — *R.* **Salamat sa Dios.**

### Paningit na Awit (Gradual) • *Ps 90:11-12; Ps 102:21*

**Angelis** suis Deus mandávit de te, ut custódiant te in ómnibus viis tuis.
*V.* In mánibus portábunt te, ne umquam offéndas ad lápidem pedem tuum.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Benedícite Dómino, omnes virtútes ejus: minístri ejus, qui fácitis voluntátem ejus. **Alleluia.**

**Purihin** ninyo ang Panginoon, kayong mga nasa langit.
*V.* Purihin ninyo siya, kayong lahat niyang mga anghel, purihin ninyo siya, kayong lahat niyang hukbo!

**Aleluya, aleluya!** *V.* Sa harap ng iyong mga Anghel, aawitan Kitang lagi: sasambahin Kita sa iyong banal na templo, at ihahahayag na marangal ang Iyong ngalan. **Aleluya.**

### Ebanghelyo • *Mt 18:1-10*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**Noong panahong iyon:** Lumapit kay Jesus ang mga alagad at nagtanong, "Sino po ang pinakadakila sa kaharian ng langit?" Tumawag si Jesus ng isang bata, pinatayo sa gitna nila at sinabi, "Tandaan ninyo: kapag hindi kayo nagbago at naging katulad ng mga bata, hinding-hindi kayo makakapasok sa kaharian ng langit. Ang sinumang nagpapakababa na gaya ng batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit. Ang sinumang tumatanggap sa isang batang katulad nito alang-alang sa akin, ako ang kanyang tinatanggap. Mas mabuti pa sa isang tao ang siya'y bitinan sa leeg ng isang malaking gilingang-bato at ihulog sa kailaliman ng dagat kaysa siya'y maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito na nananampalataya sa akin. Kahabag-habag ang daigdig sa dami ng mga tuksong nagiging sanhi ng pagkakasala! Hindi nga maiiwasan ang pagdating ng tukso, ngunit kakila-kilabot ang sasapitin ng taong pinanggagalingan nito. Kung ang iyong kamay o paa ang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, putulin mo iyon at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na putol ang isang kamay o isang paa, kaysa kumpleto ang iyong dalawang kamay at dalawang paa na itatapon sa apoy na hindi namamatay. Kung ang mata mo naman ang siyang nagiging sanhi ng iyong pagkakasala, dukitin mo ito at itapon! Mas mabuti pa ang magkaroon ng buhay na walang hanggan na bulag ang isang mata, kaysa may dalawang mata kang itapon sa apoy ng impiyerno. Pakaingatan ninyong huwag hamakin ang isa sa maliliit na ito. Sinasabi ko sa inyo, ang kanilang mga anghel ay laging nasa harap ng aking Ama na nasa langit." — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

### Antipona sa Pag-aalay • *Ps 102:20-21*

**Benedicite** Dóminum, omnes Angeli ejus : minístri ejus, qui fácitis verbum ad audiéndam vocem sermónum.

**Purihin** ninyo ang Panginoon, kayong mga anghel niya; kayong mga makapangyarihan sa kalakasan na gumaganap ng kanyang salita, na nakikinig sa tinig ng kanyang salita.

### Panalangin Ukol sa mga Alay

**Súscipe,** Dómine, múnera, quæ pro sanctórum Angelórum tuórum veneratióne deférimus : et concéde propítius; ut, perpétuis eórum præsídiis, a præséntibus perículis liberémur, et ad vitam perveniámus ætérnam. Per Dóminum.

**Tanggapin Mo,** O Panginoon, ang mga kaloob na alay parangal sa Iyong mga banal na Anghel: maawain mo nawang mahango kami sa kasalukuyang panganib pakundangan sa patuloy nilang pagsasanggalang para sa amin, nang sa gayo'y makarating kaming ligtas tungo sa buhay na walang hanggan.Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristong Panginoon namin...

### Prepasyo ng mga Anghel*

**Vere dignum** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: Et in Archángelis Angelísque tuis tua præcónia non tacére, quia ad excelléntiam tuam recúrrit et glóriam quod angélica creatúra tibi probábilis honorétur:

**Tunay ngang marapat** at matuwid, angkop at nakagagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa Iyo, Panginoong banal, Amang makapangyarihan at walang hanggang Diyos. At ipinagbubunyi ang iyong kaluwalhatian dahil sa paglalang mo sa mga Anghel at Arkanghel, na kinalulugdan mo. Ang dangal na ipinatutungkol namin sa kanila ay tanda ng iyong kapurihan,